Washington State Department of Social & Health Services

FOR OFFICE USE ONLY
CASE NUMBER
CLIENT IDENTIFICATION NUMBER

MGA KARAPATAN AT RESPONSIBILIDAD NG KLIYENTE

CLIENT RIGHTS AND RESPONSIBILITIES

May responsibilidad akong:	Naiintindihan ko na:
• Ibigay ang impormasyong kinakailangan ng departamento upang makapagpasya kung ako ay karapat-dapat para sa mga benepisyo. Ang impormasyon na aking ibibigay ay maaaring tiyakin ng mga opisyal ng estado at pang-federal. Maaaring kabilang sa pagtitiyak ang karagdagang pagsisiyasat ng mga tauhan ng departamento, kabilang ang mga taga-imbestiga ng pandaraya. • Magbigay ng patunay kapag ito ay kinakailangan. Kung nahihirapan akong makakuha ng katunayan, maaari akong tulungan ng departamento na makuha ang katunayan o makipag-ugnayan sa iba pang mga to o ahensya para doon. • Iulat ang mga pagbabago ayon sa itinatakda ng WACs 388-418-0005 at 388-418-0007. Kung makatanggap ako ng tulong sa pamamagitan ng salapi o pagkain, kailangan kong iulat ang mga pagbabago sa loob ng sampung (10) araw mula sa petsa na napag-alaman ko ang pagbabago. Kung makatanggap ako ng tulong medikal, kailangan kong iulat ang mga pagbabago sa loob ng dalawampung (20) araw mula sa petsa na napag-alaman ko ang pagbabago. • **Iulat ko ang mga gastusin sa pabahay, pag-aruga sa bata o sa mga umaaasa, suporta sa bata bilang legal na pananagutan, at mga gastusin sa sariling pagtatrabaho (self-employment) upang mapagpasyahan ng departamento kung maaari akong makakuha ng karagdagang tulong pang-pagkain. Kung hindi ako mag-ulat at magbigay ng patunay sa mga gastusing ito, sa gayon ay ipinapahayag ko na ayaw kong gamitin ng departamento ang mga gastusing ito upang mapagpasyahan kung maaari akong makakuha ng karagdagang tulong pang-pagkain.** • Kumpletuhin ang anumang kinakailangan na mga ulat o pagrerepaso (reviews) kapag iniutos o hiniling. • Maghanap ng, kumuha ng, at manatili sa isang trabaho o lumahok sa iba pang mga gawain kung kinakailangan para sa tulong salapi o pang-pagkain. • Makipagtulungan sa pangongolekta ng suporta para sa bata at suportang medikal. Maaari akong tumangging makipagtulungan sa pangongolekta ng suporta kapag ikinakatakot kong maaari akong saktan ng magulang na di-kumukupkop (non-custodial parent) ang aking sarili, ang aking mga anak, o ang mga bata na aking pinangangalagaan. • Ipaalam sa departamento kung gusto kong ibang tao ang gumamit ng aking mga benepisyong tulong pang-pagkain sa ngalan ko. • Makipagtulungan sa proseso ng pagrerepaso ng Pangangasiwa ng Kalidad (Quality Control).	• Sa pamamagitan ng pagkuha ng Pansamantalang Pagtulong para sa mga Nangangailangang Pamilya o Temporary Assistance for Needy Families (TANF) o di kaya'y mga benepisyo para sa pangangalagang medikal, itinatalaga ko sa Estado ng Washington ang ilan sa aking mga karapatan patungkol sa suporta para sa bata o pangangalagang medikal. • Kapag nakakuha ako ng TANF, maaari akong humiling ng karagdagang pera upang tulungan akong makabayad para sa mga gastos ukol sa pansamantalang pabahay sa biglang pangangailangan (temporary emergency housing). • Ayon sa batas, kung ako ay may gulang na 55 o pataas, AT tumatanggap ng mga pang-matagalang serbisyong pangangalaga, ay maaaring makabawi ang DSHS mula sa aking estate (mga ari-ariang aking pinagmamay-arian sa panahon ng aking pagkamatay) para sa pang-matagalang pangangalaga at mga serbisyong medikal na aking natanggap habang kumukuha ng pang-matagalang pangangalaga. Ito ay tinatawag na ESTATE RECOVERY. Kabilang sa mga serbisyong patungkol sa Pang-Matagalan na Pangangalaga ay ang COPES, CAP, OBRA, CASA, Medicaid Personal Care, mga serbisyo ng Nursing Home, pang-araw na kalusugan ng may-sapat na gulang (adult day health), at pribadong nakatalagang nars (private duty nursing). Hindi mangyayari ang estate recovery hanggang matapos ang aking pagkamatay, at ang pagkamatay ng aking naiwang asawa, kung mayroon man. Kapag mayroon akong mga tagapagmanang umaaasa (dependent heirs), maaaring mapatagal ang estate recovery dahil sa ilang mga kadahilanang patungkol sa kahirapan. • Maaari lang akong limitahan sa iisang duktor at parmasya o b otika kapag hindi ko ginamit nang maayos ang aking mga benepisyong medikal. • Kailangan kong ibigay ang aking mga Social Security Numbers (SSN)* o katayuan ng imigrasyon para lamang sa mga taong nagnanais kumuha ng mga benepisyo. Kapag pinili kong huwag ibigay ang mga SSNs o katayuan ng imigrasyon para sa mga kasambahay na hindi naman nagnanais kumuha ng benepisyo, kailangan pa ding tiyakin ang lahat ng kita at yaman ng mga kasambahay kapag ito ay kinakailangan upang matukoy ang pagiging karapat-dapat. • Maaari akong tumangging makipag-usap sa isang imbistigador para sa maagang pagtukoy ng pandaraya o Fraud Early Detection (FRED) mula sa Division of Fraud Investigation. Maaari kong hilingin ang imbestigador na bumalik sa iba pang panahon. Hindi ito makaka-apekto sa aking pagiging karapat-dapat para sa mga benepisyo. • Maaari akong matanggal mula sa programang pang-food stamps dahil sa paglabag sa isang alituntunin ng programang pang-food stamps ayon sa pagkakalarawan sa mga babala ng parusa sa food stamp na nakalista sa pangalawang pahina ng dokumentong ito. • Maaari akong humiling na magkaroon ng makatarungang pagdinig kung hindi ako sumasang-ayon sa desisyong isinagawa ng departamento sa aking kaso. Maaari din akong humiling na repasuhin ng isang supervisor o administrator ang pinagtatalunang desisyon o aksyon nang hindi naaapektuhan ang aking mga karapatan para sa isang makatarungang pagdinig.

* Ang mga ibibigay na Social Security numbers ay gagamitin ng mga ahensyang pang-estado at pang-federal upang kilalanin ang mga kasambahay, upang tiyakin ang pagiging karapat-dapat, iwasan ang dobleng paglahok, mangolekta ng mga singil (claims), at upang makipag-palitan ng impormasyon sa pamamagitan ng kompyuter, sa iba pang mga ahensya upang manmanan ang pagsunod sa mga batas ng programa at para sa pangangasiwa ng programa. Ang impormasyon na ito ay maaari ding ipaalam sa mga alagad ng batas para sa pagdakip ng mga taong tinatakasan ang batas. Ang pagkolekta ng mga social security numbers ay binibigyang-kapangyarihan sa ilalim ng Food Stamp Act of 1977, nang binago, 7 U.S.C. 2011-2036.

Kami ay may responsibilidad na:

- Tanggapin ang isang aplikasyon na kalakip ang iyong pangalan, tirahan, at lagda, sa araw na ikaw ay dumulog para sa alinmang mga iniaalok na programa ng DSHS.
- Tulungan kang sulatan o kumpletuhin ang mga dokumento kapag hiniling mo ang aming tulong.
- Pagtuunan ang iyong kahilingan para sa Tulong Pang-pagkain sa loob ng limang (5) araw kung ikaw ay karapat-dapat at ikaw ay biglaan at lubhang nangailangan ng pagkain.
- Bigyan ka ng resibo kapag nag-iwan ka ng aplikasyon o iba pang mga materyales sa departamento, kapag humingi ka sa amin ng isang resibo.
- Bigyan ka ng isang nakasulat na desisyon, sa kadalasan, sa loob ng 30 araw. Ang para sa mga kasong medikal at ibang patungkol sa kapansanan ay maaaring tumagal ng 45 hanggang 60 araw. Ang medikal na sitwasyong tungkol sa pagbubuntis ay binibigyang kapangyarihan sa loob ng 15 na araw ng opisina.
- Bigyan ka ng di bababa sa 10 araw upang magbigay ng impormasyon na kinakailangan upang matukoy ang iyong pagiging karapat-dapat. Kung hindi mo ibibigay ang impormasyon na kinakailangan upang matukoy ang pagiging karapat-dapat o humiling ng karagdagang panahon upang maibigay ang impormasyon, sa gayon ay tatanggihan namin ang iyong kahilingan para sa mga benepisyo.
- Bigyan ka ng isang nakasulat na paunawa, sa kadalasan ay di bababa sa 10 araw bago namin isagawa ang mga pagbabago upang bawasan o itigil ang iyong mga benepisyo.
- Panatilihin ang seguridad at pagiging pribado ng impormasyong ibinigay mo sa amin. Maaari naming ibahagi ang ilang mga katotohanan sa iba pang mga ahensya para sa mabisang pangagasiwa ng mga programang pang-federal.
- Himukin kang ipagpatuloy ang iyong aplikasyon para sa tulong pang-pagkain kahit na hindi ka naging karapat-dapat para sa iba pang mga programang pagtulong.
- Ipagbigay-alam sa iyo na ang batas na 60-buwang palugit sa ilalim ng programang Temporary Assistance for Needy Families (TANF) ay hindi sumasakop sa iyong tulong pang-pagkain, medikal, o mga benepisyo para sa pangangalaga ng bata.
- Pagtuunan ang iyong kahilingan para sa tulong medikal kahit na hindi ka karapat-dapat para sa iba pang mga programang tulong.
- Bigyan ka ng patuloy na tulong medikal habang pinagpapasyahan namin kung ikaw ay karapat-dapat para sa isa pang programang medikal, bago namin itigil ang iyong mga benepisyo.
- Bigyan ka ng mga serbisyo ng isang tagasalin-bigkas (interpreter) o tagasalin-wika (translator) nang walang gastos sa iyo at walang makabuluhang pagpapaliban sa pagkuha ng iyong mga benepisyo.
- Tulungan ka sa iyong pagrerehistro upang makaboto.
- Ibahagi ang kasaysayan ng pagbabakuna sa iyong anak sa Child Profile Immunization Tracking System.

Babala patungkol sa mga Kaparusahan sa Food Stamp

Hindi namin ipinadadala ang impormasyon ukol sa mga taong nagnanais makatanggap ng mga food stamps sa iba pang mga ahensyang pang-Federal upang tiyakin na ang impormasyon ay wasto. Kung mayroon mang di-wastong impormasyon, ang mga taong nag-a-apply na makakuha ng food stamps ay maaaring hindi makatanggap ng food stamps. Kung may isang tao na nagbigay ng impormasyon na alam nila na hindi wasto, maaari silang usigin bilang kriminal sa hukuman. Kabilang sa mga parusa para sa sadyang paglabag ng mga batas patungkol sa food stamp ay ang pagka-alis ng pagiging karapat-dapat para sa programa, mga multa, o posibleng pagkakulong.

Babala ukol sa Pangangailangang Magtrabaho bilang Parusa patungkol sa Food Stamp

Kapag kinakailangan kong lumahok sa pagtatrabaho na kinakailangan patungkol sa mga food stamp, at kung hindi ako nakilahok, maaari matanggal ang aking pagiging karapat-dapat sa loob ng isang buwan at hanggang maisakatuparan ko ang mga pangangailangang magtrabaho para sa unang pagkabigo; tatlong buwan at hanggang maisakatuparan para sa pangalawang pagkabigo; at anim na buwan at hanggang maisakatuparan para sa pangatlong pagkabigo, at para sa bawat pang mga susunod pang mga pagkabigo.

Babala hinggil sa Parusa para sa Pagsusugal ng Salapi o EBT (Electronic Benefits Transfer)

Labag sa batas ang paggamit ng EBT card upang magsugal. Labag din sa batas ang pagsusugal gamit ang salapi galing sa EBT card. Kabilang sa pagsusugal ang mga lottery tickets, pull tabs, punch boards, bingo, karera ng kabayo, mga laro sa casino at iba pang mga laro ng pagkakataon (games of chance) ayon sa nakalakip sa RCW 9.46, 67.16 at 67.70. Ang pagsusugal gamit ang perang galing sa EBT ay maaaring maghatid ng aksyong legal, pagkakaraon ng magpoprotektang tagabayad (protective payee) upang pangasiwaan ang iyong salapi galing sa EBT, o di kaya'y pagkawala ng lahat ng mga tulong salapi.

Sang-ayon sa batas pang-Federal at sa alituntunin ng U.S. Department of Agriculture (USDA) at U.S. Department of health and Human Services (HHS), ang institusyon na ito ay ipinagbabawal ang pagtatangi (discriminate) ayon sa lahi, kulay, bansang pinanggalingan, kasarian, edad o kapansanan. Sa ilalim ng alituntunin ng Food Stamp Act at ng USDA, ipinagbabawal din ang pagtatangi(discrimination) ayon sa relihiyon o political na paniniwala.

Upang magsampa ng reklamo patungkol sa pagtatangi (discrimination), makipag-ugnayan sa USDA or HHS. Sumulat sa USDA, Director, Office of Civil Rights, Room 326-W, Whitten Building, 14th and Independence Avenue S.W., Washington, D.C. 20250-9410 o tawagan ang (202) 720-5964 (voice and TDD). Sumulat sa HHS, director, Office for Civil Rights, Room 506-F, 200 Independence Avenue, S.W., Washington, D.C. 20201 o tawagan ang (202) 619-0403 (voice) o (202) 619-3257 (TDD). Ang USDA at HHS ay mga tagatangkilik at maypatrabaho na nagkakaloob ng pantay-pantay na pagkakataon/opportunidad (equal opportunity providers and employers).